

1

Nakapatong sa gitna ng dibdib ang magkadaop na mga palad ni Anagraziela Vicente habang nakatutok ang kanyang paningin sa pinanonood na teleserye. Kagat-kagat niya ang labi, panay ang kurap ng mga mata dahil sa pagpipigil na maiyak.

Sobra na talaga siyang affected sa maling pagtrato ng kontrabidang lalaki sa kaawa-awang bidang babae. Kung puwede lang sanang tagain na niya ang walanghiya, ginawa na niya. But then again, kung di ba naman din kasi isang malaking martir ang babaeng iyon, disinsana’y hindi ito naghahabol para lang pansinin.

Nagpatuloy ang makabagbag-damdaming bangayan ng mga artista ng telenovela. Hanggang sa umalingawngaw ang putok ng baril kasunod ng pagpailanlang ng nakakaantig na pagpalahaw sa saliw ng theme song ng palabas...

“Grace, may order ng grilled lobster tail with garlic lemon dressing, isang rib-eye steak with tuna cream sauce and isang baked salmon with wine and tarragon.” Sumilip sa swinging doors ng kusina ang head attendant ng restaurant.

Hinarap niya ito nang nakapamaywang, nakaawang ang mga labi at namimilog ang mga mata.

“Novel, alam mo, ang galing mong tumayming, eh.”

Napaatras ito. “Ano na naman ang ginawa ko?”

Umikot ang eyeballs niya. “Never mind, I’m sure alam ko na kung ano’ng mangyayari sa susunod na eksena.” Bigla siyang sumubsob sa ibabaw ng stainless steel na preparation table, nakapatong ang ulo sa bisig bago tumili nang malakas na malakas. “Amalia, hindi ko sinasadya! Patawarin mo ako! ’Wag mo akong iiwan, parang awa mo na!”

Humagalpak ng tawa lahat ng naroon sa kusina sa pagdadrama niya.

“Langya, Grace, bakit ba kasi hindi ka na lang nag- artista?” anang kasamahan niya roon, si Peter na siyang in charge sa stewarding.

Humugot siya ng isang sprig ng herbs at sinimulang tadtarin iyon.

“Ayoko nga! Ayokong mapagkaguluhan. At ayokong mapintasan. Baka mang-away ako.”

“Kaya pala mainit ang dugo mo kay Mister Suave,” tukoy ni Novel sa isa sa mga regular customers ng

kanilang restaurant.

“Ay! Naman!” Lalong lumakas ang pagtadtad niya ng mga dahon. “Ewan ko naman kasi kung bakit parating pumupunta ’yun dito samantalang wala naman siyang masabing maganda tungkol sa pagkain na isini-serve natin.”

“Hayaan mo na siya,” anito. “Malay ba kasi natin baka food connoisseur ’yun, di natin ’yun puwedeng tarayan, ano? Eh, kung gawan niya ng bad publicity ang restaurant at mapaalis ka pa dito?”

Umarya ang pagiging malditang kontrabida niya. Nagdilim ang kanyang mukha at lalong dumiin ang bagsak sa sangkalan ng cleaver knife na hawak niya para ma-emphasize ang sinasabi.

“Subukan niya lang, kung di siya makakita ng isang chef na nag-aamok!”

Napanganga si Novel sa kanya.

“Okay ba?” Binigyan niya ito ng thumbs up sign.

“Nakakaloka ka!” Nilayasan na siya nito.

Humarap siya sa iba pang naroon. “Si Novel parang bago nang bago sa akin, ano? Di na nasanay.”

“Ikaw naman kasi, Anagraziela ka,” suheto ni

Guada, isa sa mga assistants niya, “parating daig mo pa ang kunehong lumagok ng isang case na *Cobra Energy Drink*. Pinanonood lang kita, napapagod na ako. Buti sana kung nakakapayat ang manood sa ’yo.”

“Sus!” In-arrange niya sa plato ang piraso ng steak at sinimulang lagyan iyon ng garnish. “Kung ako nga hindi pumapayat sa ginagawa ko, palagay mo mas special ka para pumayat habang nakikinig sa akin?”

Alam niyang hindi mao-offend si Guada. Sanay na ang mga kasamahan sa kanya. Ang ilan sa mga ito ay naging kaibigan na niya noong nagsisimula pa lang siya bilang OJT at waitress sa lugar na iyon. Ilang taon na ang nakalipas mula noon at respetado na siyang chef ngayon, kabisadong-kabisado na ng mga ito ang ugali niya. Hindi na nao-offend ang mga ito sa mga hirit niya. Kadalasan naman ay sarili lang din niya ang tampulan ng mga insultong ibinabato niya.

“Aba, may pagpapapayat ka pa palang nalalaman ng lagay na iyan?” Pinanulisan siya nito ng nguso. “Eh, ka-size lang ng hita ko ang baywang mo, ah.”

“Wag kang ganyan. Balang araw, tataba din ako. Then mas special na ako sa ’yo!”

“Hay, naku, ’wag mo na kayang hangarin?” hirit muli nito. “Kapag lagpas treinta ka na at ang timbang mo ay triple na ng edad mo, pagsisisihan mong one time nasabi mong gusto mong tumaba.”

“Hindi, ah!” pamimilit niya. “Ayoko kayang tangayin ng hangin kapag bumabagyo.”

Inabot ni Guada ang mga platong inihanda niya. “Sige, ano’ng gusto mo? ’Yung liliparin ka ng hangin o mukha kang bolang patalbog-talbog?”

Napangiwi si Marcelo Sison sa init na sumalubong sa kanya paglabas niya ng glass doors ng arrival area sa *NAIA*. Halos kasabay niyon, naramdaman niya ang pagsibol ng pawis sa kanyang noo, likuran at dibdib. Huminga siya nang malalim at halos maubo sa nakapapasong hanging nasinghot niya sa kanyang baga.

Inilabas niya ang panyo mula sa bulsa para punasan ang pawisang noo at ilong at saka siya pumila sa exit para ipa-check sa guard ang tags ng kanyang check-in baggage. Medyo matagal iyon dahil marami siyang kasabay na pasahero palabas. Hayun, nagsimula na rin tuloy tumibok ang gilid ng kanyang ulo, pagbabadya ng isang matinding migraine.

Kararating niya lang sa Pilipinas mula sa tatlong linggong paglalayag sa mga bansang Italy, France, Germany at Greece. Bilang Trade Relations Officer for European Countries ng *Department of Trade and Industry*, halos ochenta porsiyento ng buong taon ay inilalagi niya sa labas ng bansa para makipag-usap sa mga counterpart niyang opisyal ng gobyerno at siguruhing maayos ang sitwasyon ng laborers na Pilipino sa mga bansang sakop ng kanyang area of responsibility.

Sa siyudad ng Berlin sa Germany ang huling stop niya at mula roon, pagkahaba-haba ng ibiniyahe niya pauwi ng Pilipinas. Gayunpaman, bahagya lang siyang nakakuha ng tulog dahil una, malikot na bata ang nakaupo sa likuran niya at parati nitong natatabig ang kanyang sandalan, at ikalawa, marami silang naraanang air pockets. Maalog ang flight.

Nang sa wakas ay makalagpas siya sa guwardiya, iniangat niya ang mga mata para tanawin kung naroon na sa driveway ang kanyang sundo. Gustung-gusto na niyang makauwi sa lalong madaling panahon para makapagpahinga at makapag-shower. Kung magtatagal pa siya, baka mahimatay na siya sa pinagsama-samang puyat, pagod at init.

Itinulak niya ang trolley patungong sidewalk sa

labasan. Wala pa roon ang sasakyang dapat susundo sa kanya. Ilang sandali siyang naghintay, pagkatapos ay marahas na napabuga ng hangin. Malinaw ang usapan nila na abangan nito ang paglapag ng kanyang flight. Inabisuhan niya ang driver na low batt na ang cellphone niya paglipad pa lang nila mula Berlin. That was hours and hours ago.

Yumukod siya sa handlebars ng trolley at ipinatong sa dalawang kamay ang kumikirot na ulo. Ilang minuto na lang, iiwan na niya ang driver at magta-taxi siya pauwi. Nope, on second thought, ayaw na niyang maghintay.

Nilakad niya ang kahabaan ng daan hanggang sa paradahan ng mga dilaw na metered taxi. Sa tantya niya sa distansya mula airport hanggang bahay niya, mas mura pa rin ang mag-yellow cab kaysa sa airport service na fixed ang rate. Aba, kahit hindi maliit ang kinikita niyang pera sa trabaho, hindi iyon excuse para isipin niyang kaya niyang basta na lang gumastos.

Naginhawaan siya nang makasakay at maramdaman ang malamig na air con ng sasakyan. Sa loob lang ng ilang saglit ay gumaan na rin ang pakiramdam ng kumikirot niyang sentido. Matapos ibigay sa driver ang direksyon pauwi sa kanyang

condo unit sa Mariposa Loop sa Quezon City, sumandal na siya at pumikit. Makakatulong iyon sa pagpawi ng migraine niya.

Nasa gawing EDSA-Guadalupe na siya nang maisip niya kung may pagkain ba sa bahay. Malamang pasado ala una na ngayon. Kaya rin siguro sumakit ang ulo niya. Dahil sa gutom.

Of course, hindi pa rin siya makatawag kahit pa alam niyang malamang naroon ang kanyang day maid para sumagot ng telepono. Dedbol na nga ang baterya ng cellphone niya, ano pa at... Wait, nasa bahay nga ang day maid niya. May pagkain siya roon panigurado.

Muli siyang huminga nang malalim at sumandal. God, kailangan na niya ng bakasyon! Hindi na niya maalala kung kailan niya huling naranasan ang mag-relax.

Nagmulat siya at namintana. It would be nice to take a quiet vacation. Doon sa lugar na may malamig na klima, may masarap na pagkain, malambot ang unan at kama, at walang masyadong tao. He had seen much sa pagbiyahe-biyahe niya at hindi na kawalan kung wala siyang mapapasyalan. Ang mahalaga ay makapagpahinga siya.

Wala siyang siguradong mapupuntahan pero madali na iyon. Natatandaan niyang may kakilala ang kanyang ina na may private rest house sa Tagaytay, puwedeng doon muna siya. Oo nga't hindi iyon high end resort pero malamang may caretaker doon na puwedeng mapakiusapan para maghanda ng pagkain sa oras at malayo ang lugar sa kabihasanan. He would definitely be able to rest.

“Dito po ba tayo liliko?” narinig niyang tanong ng driver.

Napabaling siya sa harapan. Nasa Crame na pala sila. “Oho, Manong. ”Tapos kakaliwa na lang po tayo sa unang kanto.”

“Diyan na lang ho sa tabi,” aniya nang tumapat sila sa building complex kung saan naroon ang kanyang condo unit.

Nagbayad siya, bumaba, pumasok ng gate at saka lumulan ng elevator para umakyat sa 11th Floor.

“Kuya Marc!”

Hindi niya alam kung sino ang mas nagulat nang bumukas ang pinto ng kanyang unit, kung siya o ang driver niyang si Caloy na anak ng kanyang day maid.

“Mabuti na lang pala nag-decide akong mag-taxi

na lang.” Pinigilan niyang mayamot.

“Eh, s’abi n’yo po Martes ng hatinggabi, twelve pm, hindi ba po?” Inabot nito mula sa kanya ang bagahe.

“PM nga, hindi midnight,” buntong-hininga niya.

“Naku, Kuya, sorry po.” Napakamot na lang ito sa ulo. “Ang intindi ko talaga sa message n’yo hatinggabi.”

“Hayaan mo na.” Nagkibit na lang siya ng balikat. “Pakisabi na lang kay Nanay Ermie maghain na. Gutom na gutom na ako.”

“Oo, Kuya.” Tinungo na nito ang kusina.

Nagtungo na siya ng kuwarto, nag-freshen up, at habang nanananghalian, nagpasyang mag-file na kinabukasan ng isang linggong vacation leave mula sa trabaho.

2

“Oh, gawd, what in the world...? Bakit ang dumeee!” tili ni Grace nang tumambad sa kanya ang kalunus-lunos na hitsura ng sala ng resthouse.

“Jorskoh, anong klaseng rest ang magagawa ko sa ganitong environment?” Saglit niyang iniwan ang malaking maleta sa gawing pintuan para silipin ang kabuuan ng bahay.

“Anoverh?” Napaatras siya pagdating sa kusina dahil mukhang may nag-wrestling doon na mga aso, pusa at kung anong hayop na may feathers sa dami ng nagkalat na buto, tinik at balahibo.

“Susme, ’asan ba si Aling Nieves?” Nakapamaywang niyang binalikan ang iniwang maleta. “Kakaloka, mabuti pala hiningi ko na ’yung susi kay Tito Mario.”

Si Aling Nieves ang caretaker ng lugar. At si Tito Mario, na pinsan ng kanyang ina, ang may-ari ng resthouse na iyon.

Regular na pinupuntahan ni Aling Nieves ang bahay para maglinis. Kapag naman may bisita, nag-i-stay in ito roon para mangusina. Wala namang nababanggit sa kanya na nagbakasyon o lumayas na

ito. Hindi niya alam kung ugali nitong hayaan lang ang bahay na marumi para lang mangarag sa pag-aayos kapag may darating.

Hinatak na niya ang *Louis Vuitton* luggage paakyat sa ikalawang palapag. Naisip niyang tawagan ang uncle niya para malaman kung ano ang nangyari kay Aling Nieves. O baka naman echos lang ng tiyuhin na may caretaker pa ito hanggang ngayon pero ang totoo, ito mismo ang tatawag sa kanya para sabihing ritwal ang maglinis ng bahay na ito bilang pag-welcome sa guests.

Fortunately, malinis ang dalawang kuwarto sa second floor. Or, at least, nawalisan at napalisan ang mga muwebles, pero mukhang kailangang magpalit ng bedsheets. Madali na lang iyon.

Pinili niyang gamitin ang mas maliit sa dalawang kuwarto dahil mas firm ang kama roon bukod pa sa mas pangbabae ang disenyo ng muwebles at furniture.

Inilapag muna niya ang kanyang overnight case sa ibabaw ng tokador habang nasa paanan ng kama ang mas malaking luggage na may gulong. Kinuha niya mula sa shoulder bag ang kanyang cellphone para tumawag sa uncle niya at magsumbong tungkol sa absence ni Aling Nieves pero...

“Lekat, walang signal dito?” kunot ang noong puna niya.

Sinubukan niyang i-off muna ang aparato at muling ini-on iyon. Baka sakaling masyado lang nagtagal sa loob ng bag niya ang cellphone kaya walang signal. Walang nagbago.

Huminga siya nang malalim bago namaywang at nagtungo sa bintana. Itinuon niya ang mga mata sa garden saka napabuntong-hininga.

“Maglinis ka na nga! Wala ka namang choice, eh,” patuloy niyang kausap sa sarili.

Aba, marunong siya, okay? Kahit ba lumaki siyang may yaya, naturuan siya ng kanyang ina ng gawaing bahay dahil iba pa rin daw na siya mismo ay may alam firsthand kung paano na-a-achieve ang isang malinis na household.

Isa pa, alam niyang may darating pa na isang bisita. Di niya sigurado kung kailan basta alam niyang magpapang-abot sila. Eh, kung hindi dumating si Aling Nieves bago dumating iyong guest? Kapamilya siya ng may-ari, may responsibilidad siya kahit paano sa lugar. Nakakahiya namang abutan ng bisita na parang binagyo ang resthouse.

Nagbihis siya ng pinakalumang damit na dala

niya. Pagkatapos, ipinusod niya ng clamp ang lagpas-balikat niyang buhok at saka naghagilap ng cleaning implements sa pantry.

“Tsk,” palatak niya habang nagsusuot ng rubber gloves, “kaya naman pala marumi, eh, walang bawas ang supplies ng panlinis dito.”

Sarado pa kasi ang mga iyon—mga bote ng bleach at muriatic acid, cleanser, mops at basahan, walis, trash bags. Halatang hindi nagagamit.

Hindi naman ganoon kahirap maglinis doon, natuklasan ni Grace. Noong maisilid niya sa trash bags ang mga retaso ng sari-saring basura, kaunting lampaso lang ng mop na isinawsaw sa tubig na may Lysol, hindi na amoy estero ang ground floor. Isinunod niya ang pagpapalit ng bedsheets sa mga kuwarto bago siya nag-spray ng air freshener sa buong bahay.

Nang pasado alas cuatro na, masaya na siyang nag-i-inspect ng laman ng ref at pantry na mabuti na lang (kahit pa nakapagtataka) ay bagong stock ng sari-saring grocery items.

“Weird ’yang Aling Nieves na ’yan, ha,” bulong niya sa sarili habang nagpaplano ng hapunan sa kabila ng pag-iisip ng maaaring dahilan ng pagdi-

disappear nito.

Nagde-decide siya kung anong karne ang ilalabas mula sa freezer nang tumunog ang doorbell. Hindi na siya nag-abalang ayusin ang hitsura, tinungo niya agad ang pinto. Baka ang nawawalang caretaker na iyon.

Nang hawiin niya iyon para ibukas, parang gusto niyang tuktukan ang sarili pagkatapos ay mahimatay.

There she stood in her dirty clothes, mukhang pinamugaran na ng daga ang buhok niya, may mantsa ng tulo ng pawis sa kanyang mga pisngi at hindi siya amoy *Perry Ellis* samantalang ang lalaking pinagbuksan niya ay saksakan ng linis, saksakan ng kinis at saksakan din ng bango. Hindi pa yata niya nabanggit, saksakan ito ng kisig at... saksakan ng guwapo.

“Magandang hapon po,” bati nito, “Ako si Marc Sison. Ikaw si Aling Nieves?”

Pangalan iyon ng caretaker. Of course, hindi siya si Aling Nieves, and under normal circumstances, maiirita siya na napagkamalan siyang maid. Pero kaysa naman aminin niyang hindi siya ang caretaker at ganoon ang ayos niya at nakatayo siya sa harap ng isang napakaguwapong nilalang...

“Ay, uu, Ser,” sagot niya na may exaggerated na accent ng taga-Bisaya, “naibilin nga pu sa aken na darateng kayo.”

Ang unang napansin ni Marc nang makita ang babaeng nagbukas ng pinto para sa kanya ay ang suot nitong lumang *Armani* T-shirt at medyo gulagulanit na *DKNY* maong shorts. Kahit nababahiran ng dumi, alam niyang hindi peke ang tatak niyon. Sa mga biyahe niya na nagdadala sa kanya sa mga itinuturing na fashion capitals of the world, at dahil may apat siyang kapatid na babae na mahilig sa branded apparel at parating nagbibilin sa kanya ng pasalubong tuwing mapapadpad siya abroad, kabisado niya ang hitsura ng peke at tunay na tatak.

Tunay kaya na may isang kasambahay na nagsusuot ng *Armani*? Unless may nabibiling *Armani* sa ukayan....

“Ikaw si Aling Nieves?” alanganin niyang tanong matapos magpakilala.

Babawiin na sana niya ang tanong nang mapansing hindi agad ito nag-react. Mali nga yata siya sa in-assume niya na ito ang caretaker. May caretaker din ba na kahit marusing ang mukha ay

kitang-kita ang ebidensya ng makinis na kutis? At alam niyang hindi lang dahil likas na makinis ang balat nito. Halatang iyon ang tipo ng balat na alagang-alaga at parang hindi kailanman nadapuan ng langaw o lamok. Obvious naman sa makinis at mapuputing legs nito.

Itinaas niya ang tingin para muling itutok sa ulo nito. Are those *Swarovski* crystals on her hair clamp? Inilipat niya ang titig sa mga mata nitong chocolate brown at napapalibutan ng makakapal at malalantik na pilik. Mamula-mula ang mga labi nito na tila nag-iimbita ng halik at...

What the hell, Marc?

“Ay, uu, Ser,” anito sa matigas na accent, “naibilin nga pu sa aken na darateng kayo.”

So ito nga ang caretaker? Namamanyak siya sa isang kasambahay?

“Ah, ganoon ba?” Sumilip siya sa loob. Baka hindi talaga ito ang caretaker at naroon sa likod nito nakatayo ang totoong Nieves.

“Ay, pasinsya na, Ser, ha? Ay porgets my manners.” Umalis ito sa kinatatayuan para makadaan siya. “Pasuk pu kayu.”

“Salamat.” Isinukbit niya ang backpack sa kanyang balikat at nagpatiuna rito. “Ah, may makakasabay daw akong magbakasyon dito?”

Saglit itong natigilan bago sumagot.

“Ah, eh, naku, hindi na daw darating, Ser! Nagpasabi si Ser Mario na nagbago daw pu ang esep n’ung babae at sa susunod na lang daw magbabakasyon.”

“Ganoon ba?” Itinuon niya ang tingin sa hagdan. “Ah, saan ako—”

“Dun ka pu, Ser, sa master’s bidrom.” Iwinagayway nito ang kamay. “Unang pento po sa kanan pag-akyat.”

“Sige, Nieves, salamat.” Tinalikuran na niya ito para pumanhik.

“Ay, Ser!” habol nito sa kanya. “Magluluto na pu aku ng hapunan, anu pu ang gusto n’yo?”

“Ano ang mayroon?”

“Merun isda, babuy o tseken, at saka gulay.”

“Yung chicken na lang,” sabi niya.

“Uki, Ser, no prablems.” Itinaas pa nito ang dalawang hinlalaki bago siya iniwan.

Halos takbuhin niya ang patungong kuwarto. Nang naroon na, ini-lock niya ang doorknob at inihalang pa ang trangka niyon. Susmaryosep, sa lahat naman ng weirdo.

Hindi naman sa nanghuhusga siya. Pero kasi, wala sa hitsura nitong kasambahay ito. Una, masyadong thick ang accent nito kaya alam niyang palabas lang iyon. Pangalawa, masyado itong maganda. Bakit nga ba noong naghahanap siya ng kasambahay para sa condo niya sa Manila, walang nag-apply na ganoon kaganda ang hitsura? Pero para talagang may pitik.

Nailing na sinita niya ang sarili sa naisip habang unti-unting iniaayos ang mga dalang gamit sa closet doon.

O baka naman pagod at gutom lang siya talaga kaya kung anu-ano ang naiisip niya. Medyo mahaba ang biyahe niya dahil nag-commute lang siya papunta roon. Naligaw pa siya dahil hindi niya kabisado ang lugar. Pagkatapos ay medyo unusual pa ang sitwasyong daratnan niya samantalang iba ang expectations na nasa utak niya.

Marc, relax, okay? Naglabas siya ng bihisnan at saka nagtungo sa banyo para maligo. *She's not weird, or crazy. Overeager lang siguro,* kumbinsi niya sa sarili.

Bago pa man, napamura siya nang pagkalakas-lakas at pagkalutong-lutong nang pagbukas niya ng ilaw sa banyo ay may sumalubong sa kanyang malaking ipis.

“Ser!” Nagulat pa siya nang kumalabog ang pintuan niya. “Uki ka lang?”

Lumunok siya. *Leche*, nakakahiya na kung nakakahiya, ayaw niya sa ipis! Ayaw niyang nasa iisang maliit na lugar kasama ang peste. Binuksan niya ang pinto para tanungin ang babae kung may *Baygon*.

“May ipis kasi sa banyo,” paliwanag niya.

“Sus!” Hinawi lang siya nito na halos ikatumba niya, considering maliit lang ang babae at sa balikat lang niya umaabot ang taas nito. Dumerecho ito sa lugar kung nasaan ang kaaway niya. “Tsinelas lang, Ser, p’ede na!”

Isang malakas na hampas ang narinig niyang umalingawngaw kasunod ng pag-flush ng toilet. He could just imagine what she did with the creature. Nakakadiri.

“Wala na, Ser, sef na pu ang banyo.” Nakangiting lumabas ito mula roon.

“Salamat.” Kalahati lang ang ngiting nakaya niyang ibigay rito. Not that he didn’t appreciate what she’d done because he did. Pero...

Mas bagay pala rito kapag nakalugay ang buhok?
She looked sexy and—

“Ser, mag-shower lang muna ako, ha?” paalam nito bago tuluyang lumabas ng kuwarto niya. “Malapit na pu malutu ang haponan, tawagen ko na lang pu kayo pag reedy na.”

Bahagya lang siyang tumango bago nito isinara ang pinto ng kuwarto. Sinigurado niyang nakatrangka muli iyon bago siya pumasok muli sa banyo para sa isang matinding cold shower.

Sheesh!

Hindi rin naman iyon nakatulong sa pagpapakalma sa kanya. Dahil pagbaba niya sa komedor nang tawagin siya nito para maghapunan, gusto yatang tumirik ng mga mata niya sa masarap na amoy ng nakahaing...

“Ano ’yan?” tanong niya.

“Tseken istap wid rice pilaf beyk in herb tometryo sows, toasted bred wid garlic cream ches at saka bidstabol salad wid honey binagret.”

What the hell? Chicken stuffed with rice pilaf? Honey vinaigrette? Bakit hindi ganoon ang niluluto ng kanyang Nana Ermie? Isa pa, bakit hindi kutsara ang nakalatag sa tabi ng plato? Tinidor at kutsilyo ang naroon?

Pinanood niya itong maupo sa gawing kanan niya dahil pinili niyang maupo sa kabisera.

“Ser, kain na.” Ipinagsandok pa siya ng babae ng pagkain.

Hindi niya lang masabi na hindi siya sanay na sinasabayan sa hapag ng isang kasambahay pero pinigilan niya ang sarili. Ewan niya kung bakit pero parang nakalimutan na niya kung sino siya at sino ito nang sumayad sa bibig niya ang lasa ng nilutong manok.

“Tama lang pu ba ang templa?” usyoso nito bago isubo ang ilang hibla ng salad greens sa bibig.

“Masarap,” nakuha niyang sabihin. Laking pasalamat niya na hindi imbitasyon para magpakasal ang lumabas sa bibig niya.

“Madame pu ’yan, injoy lang kayu, Ser.” Muli itong naghiwa ng gulay.

Tahimik lang silang nagsalo ng hapunan. Halos

patapos na silang kumain nang mapansin niyang hindi ito sumasandok ng manok.

“Hindi ka ba kakain ng chicken?” usisa niya.

Umiling ito. “Bidyetaryan pu ako.”

Nahirinan yata siya. ‘Langya... May vegetarian pa talagang nalalaman?

Pero, sandali.... Hindi nga kaya may lason ang kinakain niya? Baka pagpapanggap lang iyong sinasabi nitong vegetarian ito.

Oh, shit.

Mabilis siyang nagtatakbo patungong kuwarto para isuka lahat ng kinain niya.